



9 Enero 2022

Kapistahan ng Pagbibinyag sa Panginoon


Taon K

## ANAK NG AMA AT ATING KAPATID

**A**ng pagbibinyag kay Hesus sa Ilog Jordan ay siyang ikalawang “pagpapakita” – ikalawang pagpapakilala sa kanyang pagkatao at sa kanyang misyon. Ipinahayag ng tinig ng Ama na si Hesus ay ang “Anak/Lingkod,” na pinuspos ng Espiritu ng Panginoon at isinugo upang “magtatag ng katarungan sa lupa.”

Itinatakda ng kanyang misyon ang pag-ako sa bigat ng pagkakasala ng sangkatauhan alinsunod sa hula sa mga Awit ng Lingkod.

Ipinagugunita sa atin ng pagbibinyag kay Hesus ang sarili nating bautismo nang bigkasin din ng Ama ang napakagandang pahayag: “Ikaw ang Aking mahal na anak!” Iyon ang walang kapantay na pribilehiyong nagpapahintulot sa ating magdiwang ng Eukaristiya. Ipahayag natin ang ating pasasalamat at pagmamahal.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nang si Hesus ay binyagan, nabuksan ang kalangitan at ang Espiritung Banal ay lumapag sa ulunan, kalapati’y anyong taglay.

#### Pagbati

**P**–Sumainyong lahat ang biyaya at kapayapaang buhat sa Ama nating Diyos, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Natitipon bilang mag-anak ng Diyos, buong tiwala tayong humiling sa Diyos ng pagpapatawad sa ating mga kasalanan pagkat puno siya ng kabaitan at habag. (Manahimik sandali.)

**P**–Panginoong Hesus, sa pagbibinyag sa iyo, pinatunayan mo ang iyong kahandaang magpakasakit dahil sa aming pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, sa pagbibinyag sa iyo, ipinahayag kang pinakamamahal na Anak ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, pinuspos ka ng Espiritu Santo. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**–Amen!

#### Papuri

**B**–Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A “love offering” for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to “Word & Life Publications.” Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and email address for proper acknowledgment. Thank You!

## Panalanging Pambungad

**P** – Ama naming makapangyarihan, noong binyagan ang Mesiyas sa Ilog Jordan, bumaba sa kanya ang Espiritu Santo at sinabi mong ang iyong Anak na minamahal ay lubos mong kinalulugdan. Kaming mga isinilang mo bilang mga anak sa tubig ng binyag at sa Espiritu Santo ay mamalagi nawang kalugud-lugod sa iyo, sa pamamagitan ni Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan.

**B** – Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Isa 42:1-4,6-7

*Ang maririnig natin ngayon ay ang una sa apat na “Awit ng Lingkod ng Panginoon.” Para sa lahat ng henerasyong Kristiyano, ang “Lingkod ng Panginoon” ay isang propesiya tungkol kay Hesus ng Nazaret, na bukod-tanging kinalulugdang lubos ng Ama.*

**L** – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sinabi ng Panginoon: “Ito ang lingkod ko na aking itataas, na aking pinili at kinalulugdan; ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu, at sa mga bansa ay siya ang magpapairal ng katarungan. Mahinahon at banayad kung siya’y magsalita, ni hindi magtataas ng kanyang tinig. Ang marupok na tambo’y hindi babaliin, ilaw na aandap-andap di n’ya papatayin, at ang katarungan ang paiiralin. Di siya mawawalan ng pag-asa ni masisiraan ng loob. Paghahariin niya ang katarungan sa daigdig. Ang mga bansa sa malayo ay buong pananabik na maghinhintay sa kanyang mga turo.

Akong Panginoon, tumawag sa iyo, binigyan kita ng kapangyarihan upang pairalin ang katarungan sa daigdig. Sa pamamagitan mo ay gagawa ako ng pakikipagtipan sa lahat ng tao at magdadala ng liwanag sa lahat ng bansa. Ikaw ang magpapadilat sa mga bulag at magpapalaya sa mga bilango ng kadiliman.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 29

**B** – Basbas ng kapayapaa’y sa bayan ng Poong mahal!

R. M. Velez



\* Purihin ang Panginoon ninyong banal na nilalang, pagka’t siya ay dakila’t maralang ang kanyang ngalan. Ang Poon ay dakilain, purihin ang Diyos na Banal, yumuko ang bawa’t isa kapag siya ay dumatal. **B.**

\* Sa gitna ng karagatan, tinig niya’y naririnig. Sa laot ng karagata’y hindi ito nalilingid. Pag nangusap na ang Poon, tinig niya’y ubod-lakas, nguni’t tinig kamahalan, kapag siya’y nangungusap. **B.**

\* Ang tinig ng dakilang Diyos, parang kulog na malakas, kaya’t mga nasa templo’y sumisigaw, nagagalak, “Panginoon’y papurihan!” ganito ang binibigkas. Siya rin ang naghahari sa dagat na kalaliman, namumuno siya roon bilang hari, walang hanggan. **B.**

**Ikalawang Pagbasa** Gw 10:34-38

*Nilalaman ng siping baba-sahin natin ngayon ang simula ng panayam ni Pedro sa bahay ng Romanong Kapitan na si Cornelio. Pinili ang siping ito para ngayon dahil tumutukoy ito kay Hesus na pinuspos ng Diyos ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan.*

**L** – Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, nagsalita si Pedro, “Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa. Ibinigay ng Diyos ang kanyang salita sa mga Israelita. Sa kanila niya ipinahayag ang Mabuting Balita tungkol sa pakikipagkasundo sa pamamagitan ni Hesukristo. Nguni’t siya’y Panginoon ng lahat! Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag. Ang sinasabi ko’y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katumayan na

siya nga ang Hinirang. Sapagka’t sumasakanya ang Diyos, saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B** – Salamat sa Diyos!

**Aleluya** Mc 9:6

**B** – Aleluya! Aleluya!  
Nagsalita ang D’yos Ama:  
“Ang Anak kong sinisinta ay narito, dinggin n’yo s’ya!”  
Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita** Lu 3:15-16, 21-22

*Ang pagbibinyag kay Hesus ay siyang kauna-unahang pagpapakilala sa kanya sa kanyang buhay publiko. Ipinahayag mismo ng Diyos na siya ang “pinakamamahal Niyang Anak,” samantalang bumaba naman ang Espiritu Santo sa kanya bilang “Hinirang ng Panginoon.”*

**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas  
**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami’y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya’t sinabi ni Juan sa kanila, “Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya’y makapangyarihan kaysa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak.”

Nabinyagan na noon ang lahat ng tao, gayon din si Hesus. Nang siya’y nananalangin, nabuksan ang langit at bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. At isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ikaw ang minamahal kong Anak; lubos kitang kinalulugdang.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos,

Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos. Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**—Ginugunita natin ngayon ang pormal na paghirang kay Hesus bilang “Lingkod ng Panginoon” na siyang aako sa mga pagkakasala ng sanlibutan. Buong pusong nagpapasalamat sa kanya, manalangin tayo:

**B**—Panginoon, dinggin Mo kami!

\* Para sa lahat ng mananam-palataya, lalo na ang kanilang mga pinuno: Nawa sila ang maging mga mapagkumbaba at tapat na lingkod ng Panginoon sa mundo ngayon. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga bagong binyagan, lalo na iyong nasa sapat nang gulang: Nawa pahalagahan nila ang Banal na Espiritu sa kanilang mga puso at laging mamuhay na mga anak ng Ama. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga nakalilimot sa kahulugan at kahalagahan ng kanilang binyag: Nawa pag-ibayuhin ng Espiritu Santo ang mga bunga ng kanyang pamamalagi sa kanila at muli silang gawing masisiglang kasapi ng Simbahan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga mahihirap, may-sakit, at walang hanapbuhay: Nawa makatagpo sila sa pamayanang Kristiyano ng tulong na kailangan nila. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa ating lahat na natitipon dito: Nawa lagi nating isaisip na tayo man ay mga anak ng Diyos at pagsikapan nating maging

kalugud-lugod sa Kanya sa lahat ng oras. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**—Panginoong Hesus, sa pagbinyag sa iyo, tinanggap mo ang bigat ng aming mga kasalanan. Nawa mapagaan namin ang gayong pasanin sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa aming mga pangako sa binyag. Isinasamo namin ito sa iyo na aming kapatid at Panginoon.

**B**—Amen!



**P**—Manalangin kayo. . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, ngayong ipinagdiriwang ang pagpapahayag ng iyong kinalulugdang Anak, tanggapin mo ang aming mga alay upang ito ay maging paghahain ng kanyang mahabagang paghuhugas sa kasalanan namin sapagka’t siya’y kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### Prepasyo

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang mga dakilang pahiwatig ng bagong pagsilang ay minarapat mong mahayag sa Ilog Jordan. Dahil sa iyong tinig buhat sa kalangitan, ang pakikipisan ng iyong Salita sa sangkatauhan ay amin ngayong sinasampalatayanan. Dahil sa Espiritung sa kanya’y lumukob na waring kalapating tagapagtaguyod, tinanghal siyang Mesiyas nami’t iyong Lingkod para ihatid ang iyong Balitang mga aba’y itatampok.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan

kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan!

### Pagbubunyi

**B**—Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B**—Ama namin. . .

**P**—Hinihiling namin. . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

### Paanyaya sa Pakikinaabang

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Dito ay matatagpuan ang patotoo ni Juan. Kanyang pinatotohanan ang Anak ng Amang mahal na Panginoong Maykapal.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**—Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay maging mga anak mo nawa sa turing at sa katotohanan sa matapat naming pakikinig sa iyong Anak na aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

## PAGWAWAKAS



*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – At sumaiyo rin!

*P* – Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

– Gabayan nawa kayo tuwina ng Banal na Espiritu at hubugin

kayong maging mga lingkod ng Panginoon.

*B* – Amen!

*P* – Manatili nawa kayo sa pagtatangi, kalinga, at pag-iingat ng Panginoon.

*B* – Amen!

*P* – Manatili nawa kayong tapat sa inyong buong buhay sa inyong mga pangako sa binyag.

*B* – Amen!

*P* – Pagpalain kayo ng maka-pangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

*B* – Amen!

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

*B* – Salamat sa Diyos!

## ANG PAGBIBINYAG KAY HESUS AT ANG SA ATIN

Jess P. Balon • Isinalin sa Filipino ni Cecilia G. Valmonte, EdD

Hindi kailangan ni **Hesus** ang magpabinyag kay Juan. Di niya kailangan ang pagbabalik-loob o pagsisisi sapagkat siya’y lubos na walang anumang pagkakasala. Ni di rin niya kailangang maghanda para sa pagtanggap sa Kaharian pagkat siya itong naparito upang magpahayag at magtatag sa Kaharian. Sa katunayan, **siya mismo ang simula ng Kaharian ng Diyos sa lupa!** Gayunman, alam nating siya itong mapilit na nagpabinyag kay Juan. Bakit? Sapagkat alam niyang **ang pagtanggap sa gayong bautismo ay bahagi ng plano ng Ama para sa kanya.** Hiniling at tinanggap ni Hesus ang bautismo ng pagsisisi para sa kapakanan ng sangkatauhan pagkat siya’y naparito upang maging **“Kordero ng Diyos na umaako sa pagkakasala ng sanlibutan.”**

Kung para sa ibang taong nagpabinyag kay Juan, ang gayong bautismo ay isang paghahanda para sa Kaharian, para kay Hesus, iyon ay pagpapasinaya sa Kaharian, ang pormal na pagsisimula ng kanyang misyon ng pagliligtas.

**Ang bautismong tinanggap ni Hesus,** kung gayon, bagamat sa anyong panlabas ay katulad ng tinanggap ng maraming iba, **ay tunay na kaiba. Taglay nito ang dimensiyong nagliligtas, di para kay Hesus, kundi para sa lahat ng tao.**

Ang pagbibinyag kay Hesus noon ay iba rin sa ating bautismong ikinapaging Kristiyano natin. **Lahat tayo’y kailangang magpabinyag** upang mapanumbalik ang ating pagiging anak ng Diyos. **Bawat isa sa atin, sa pamamagitan ng biyaya, ay kailangang maging tulad ni Hesus na likas na anak ng Diyos.**

**Ang pagbibinyag kay Hesus** ay hindi naghatid ng anumang pagbabago o pagpawi ng pagkakasala sa kanya. **Ipinakilala lamang nito kung sino nga siya: ang pinakamama-hal na Anak ng Diyos.** Kaya nga, ang pagbibinyag sa kanya ay isang pagpapakilala – isang “pagpapakita.” Sa kabilang dako, **ang sakramento ng bautismong tinanggap natin ay nagbunga naman ng malaking pagbabago:** buhat sa pagiging makasalanan at di-karapat-dapat na nilalang, **tayo’y ginawang mga anak ng Diyos, mga kapatid ni Kristo, at mga templo ng Espiritu Santo** – salamat kay Kristo!

Gayunman, **ang ating binyag ay mayroon ding pagkakatulad** sa binyag ni Hesus sa aspetong kapangakuan. Ang binyag ni Hesus ay isang **pormal na pangakong tumupad sa kalooban/plano ng Ama hanggang sa wakas.** Iyon ay bahagi rin ng ating binyag. Dapat natin itong tandaan at isabuhay nang buong katapatan tulad ni Hesus.



Simply go to [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)  
to subscribe to our periodicals



WORD & LIFE  
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org); [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, B. Nolasco, J. Domingo, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua